

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Lungsod ng Brampton kinikilala ng Site Selection Magazine bilang isa sa Pinaka-magagandang Lokasyon sa Canada para mamuhunan

BRAMPTON, ON (Setyembre 3, 2021) – Kahapon, ang Site Selection Magazine, pandaigdigang pinapakalat na publikasyong pangnegosyo na nagko-cover sa corporate real estate at pag-unlad ng ekonomiya, ay nag-annunsiyo sa talaan ng Pinaka-magagandang Lokasyon sa Canada, na ang Lungsod ng Brampton ay nasa nangungunang 20.

Sa ranking na ito, ang [Economic Development Office](#) ng Lungsod ay kinilala ng Site Selection Magazine bilang isa sa pinaka-magagandang lokasyon sa Canada para mamuhunan. Patuloy na tumutuon ang Lungsod sa mga pagsisikap nito sa pang-ekonomiyang pagpapaunlad nito sa mahalagang mga sektor ng Lungsod: Inobasyon at Teknolohiya, Advanced Manufacturing, Pagproseso ng Pagkain at Inumin at Agham ng Kalusugan at Buhay. Noong 2020, mayroong dagdag na emphasis sa Pagpapanatili ng Negosyo at Ekspansyon bilang bahagi ng FDI Strategy ng Lungsod. Ang Brampton ay ang ikalawang pinaka-mabilis na lumaking lungsod sa Canada na may populasyon na malapit sa 700,000. May median na edad na 36, ang bata pa, edukado, at diverse na labour force ng Brampton na 320,000 ay kumakatawan sa higit sa 234 kulturang nagsasalita ng 115 wika.

Ang pamumuhunan ay mahalagang pundasyon ng Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Lungsod, na inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton noong Mayo, 2020. Ang nagpapatuloy na ebolusyon ng Innovation District ng Lungsod ay iba na namang mahalagang bahagi ng estratehiya. Naglalayon ang Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya na dalhin ang bentahe sa pagiging madaling nakakabangon at kompetitibo sa ekonomiya ng Brampton, at tutulong sa Lungsod na umabante mula sa pandemyang COVID-19.

Patuloy na hinhikayat ng Brampton ang mahalagang pamumuhunan sa lungsod, na inanunsiyo kamakailan ang sumusunod na kapansin-pansing mga proyekto:

- **Alectra:** noong Hunyo, [inanunsiyo ng Alectra](#) ang plano nito para sa konstruksyon ng isang brand-new na sustenableng operations centre na matatagpuan sa 200 Kennedy Road South sa Brampton.

Sa loob ng isang kilometro sa bagong lokasyon ay 78 negosyo sa sector ng retail at 55 sa akomodasyon at mga serbisyo sa pagkain. Sa paghahatid ng 400 empleyado sa lugar – dalawa at kalahating lupi sa bilang ng mga trabaho sa kasalukuyang site – tutulong ang Alectra sa pagpapatibay sa mga negosyo sa retail at pagkain sa Brampton sa malapit na hinaharap ng operations centre, na sumusuporta sa pagbangon ng lokal na ekonomiya ng Lungsod at paglago sa hinaharap.

- **Coke Canada Bottling:** Noong Disyembre 2020, inanunsiyo ng Coke Canada Bottling ang bagong pamumuhunan na \$12.8 milyon sa pasilidad ng Coke Canada Bottling sa Brampton. Ang pamumuhunan na ito ay gagamitin para isalin ang umiiral na line manufacturing capabilities para makatugon sa pangangailangan para sa dagdag na inobasyon ng produkto para sa mga mamimili
- **Maple Lodge Farms:** Sa unang bahagi ng taon na ito, inanunsiyo ng Maple Lodge Farms na nagplano silang palawakin ang kanilang planta sa Brampton ng 250,000 kawadradong piye,

na lilikha ng karagdagang 300 trabaho. Mayroon din silang mga plano para sa bagong site para sa lokasyon ng Chicken Shop retail, na lilikha mg 100 karagdagang trabaho.

Ang kumpletong mga resulta at mas maraming impormasyon tungkol sa mga ranking ay makikita [dito](#).

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Pagkakataon, at sa ating pangunahing lokasyon sa Innovation Corridor ng Canada at sa ating kompetitibong pool ng talent, nagbibigay tayo ng pinaka-magandang lokasyon para mamuhunan ang mga pandaigdigang negosyo. Ipinagmamalaki natin na kilalanin ng Site Selection Magazine bilang isa sa Pinaka-magagandang Lokasyon sa Canada at wini-welcome ang lahat ng potensyal na tagapili ng site na matuto ng higit pa tungkol sa kung ano ang nagpapa-world-class na lungsod sa atin sa hinaharap.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Umaabante mula sa mga epekto ng pandemya, ang pamumuhunan ay gaganap ng mahalagang papel sa paghahatid ng kompetitibong bentahe at pagka-madaling nakakabangon sa ekonomiya ng Brampton habang tayo ay nakapokus sa pagbangon. Seryoso ang Brampton, at ipinagmamalaki natin na kinilala ng Site Selection Magazine ang ating lungsod bilang isa sa Pinaka-magagandang Lokasyon ng Canada para mamuhunan.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang pamumuhunan ay isang mahalagang pundasyon sa Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Lungsod, at ang Brampton ay dedicated sa pagposisyon sa sarili nito bilang isang inobatibong lungsod at lokasyon ng pangunahing pamumuhunan para sa mga negosyo sa buong Canada at sa buong mundo. Wini-welcome natin ang pagkilala ng Site Selection sa ating world-class na lungsod bilang isa sa Pinakamagagandang Loasyon ng Canada. Sa ating skilled na talent pool, lokasyon sa Innovation Corridor at dedicated na Economic Development team, handa ang Brampton na tanggapin ang pamumuhunan sa ating komunidad.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Economic Development and Culture, Lungsod ng Brampton*

“Sa Lungsod ng Brampton, dedicated tayo sa pagsuporta sa Termino ng Prayoridad ng Konseho: ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Pagkakataon, at patuloy natig itinatag ang ating mga sarili bilang pinaka-magandang lokasyon para mamuhunan ang mga negosyo. Congratulations sa ating team sa Brampton Economic Development Office para sa pagkilalang ito bilang isa sa Pinaka-magagandang Lokasyon sa Canada. Habang umaabante tayo mula sa pandemyang COVID-19, nakatuon tayo sa pagbangon para sa ating lungsod, at magpapatuloy na ihatid ang pagiging madalig nakakabangon sa ating ekonomiya sa pamamagitan ng pag-secure sa nagpapatuloy na pamumuhunan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca